

## ACTIVITY

A. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

J	W	N	A	A	N	A	G	A	S	A	K
G	O	B	E	R	N	A	D	O	R	B	N
T	Y	R	O	K	U	E	T	M	L	I	K
I	E	S	E	R	H	A	N	J	H	L	A
X	G	V	A	D	G	U	O	B	P	A	T
P	I	N	I	G	A	N	A	P	E	N	I
O	P	H	U	A	S	N	R	V	S	G	W
Y	T	T	N	U	Y	E	A	T	O	G	A
P	O	T	I	F	A	R	F	P	J	O	L
M	K	A	R	U	N	U	N	G	A	N	A

katiwala  
Egipto  
Potifar  
kasaganaan

Joseph  
taggutom  
Faraon  
governador

bilanggo  
karunungan  
panadero  
panaginip

B. Sagutin ang mga tanong. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

- Sa paglilingkod ni Joseph sa bahay ni Potifar, paano niya napansin na pinagpapala ng Diyos si Joseph?
  - Lahat ng ginagawa ni Joseph ay mali-mali
  - Nagtatagumpaay si Joseph sa lahat ng kanyang ginagawa
- Nakulong si Joseph dahil siya ay pinagbintangan sa isang bagay na hindi niya ginawa. Anong nangyari kay Joseph sa kulungan na nagpapatunay na ang Diyos ay hindi siya pinababayaan?

- a. Naging mabait ang tagabantay ng bilangguan kay Joseph
  - b. Ginawa siyang tagapamahala ng lahat ng bilanggo
  - c. Parehong A at B
3. Sino ang tumulong kay Joseph upang maipaliwanag ang panaginip ng tagapamahala ng inumin, panadero at ng Faraon?
- a. Potifar
  - b. Tagabantay ng bilangguan
  - c. Diyos
4. Si Joseph lamang ang nakapagpaliwanag ng panaginip ng Faraon. Bukod sa paliwanag nagbigay din siya ng panukala para makapaghanda sila. Anong ginawa ng Faraon kay Joseph matapos marinig ito?
- a. Binalik siya sa kulungan
  - b. Ginawa siyang gobernador ng Egipto
  - c. Pinaalis siya ng Egipto
5. Sino ang laging tumutulong, gumagabay, nagpapala at nagkaloob ng karunungan kay Joseph?
- a. Tagabantay ng bilangguan
  - b. Diyos
  - c. Faraon

Nakita natin sa kuwento na si Joseph ay pinagpapala ng Diyos anumang sitwasyon siya naroon. Maging ang ibang tao katulad nila Potifar, ng tagabantay ng bilangguan at ng Faraon ay nakita na siya ay pinagpapala ng Diyos kaya siya nagtatagumpay sa lahat ng kanyang ginagawa. Kinikilala ni Joseph na ang Diyos ang nagpapala sa kanya at nagbibigay sa kanya ng kakayanan na meron siya. Kailan man ay hindi pinabayaan ng Diyos si Joseph. Gaya ni Joseph dapat ay matuto tayo na kilalanin na galing sa Diyos ang lahat ng kakayanan at tagumpay na nakakamit natin sa lahat ng ating ginagawa sa lahat ng pagkakataon.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.

Si Marga ay ang panganay na anak nila Mang Ed at Aling Gin. Pinalaki siyang mabait, masunurin at masayahing bata. Bagamat hindi sila mayaman, wala ng mahihiling pa si Marga sapagkat siya ay masaya para sa kanilang pamilya.

Simula na ng bagong school year ngunit walang bago sa mga gamit at kasuotan ni Marga. Katuwiran niya ay hindi niya kailangan ang bagong gamit, "Nay huwag na tayong bumili ng bagong bag at sapatos pamasok. Pwede pa naman gamitin yung dati" ang wika ni Marga.

Madalas tuksuhin ng ibang kaklase si Marga dahil sa mga luma niyang gamit. Kahit na nakakarinig si Marga ng hindi magagandang salita mula sa mga kaklase, hindi niya ito pinapansin. Masipag mag-aral at matalino si Marga kaya naman number 1 sya sa buong grade 3 class ng kanilang paaralan. Sa tuwing pinupuri siya ng ibang teachers at ka-eskuwela, lagi niyang sinasabi sa kanila na ang Diyos ang nagkakaloob sa kanya ng karunungan at kasipagan para makapag-aral ng mabuti.

Kinikilala ni Marga na ang lahat ng mayroon siya at ang kanyang pamilya ay mga pagpapala na mula sa Diyos.

Mga tanong:

1. Ano ang katayuan sa buhay ni Marga?

---

2. Anong magagandang ugali ni Marga ang maaari mong tularan?


---

3. Paano natin maihahalintulad si Joseph at Marga mula sa mga kuwentong iyong nabasa?

---

---

Si Marga at ang kanyang pamilya ay pinagpapala ng Diyos. Hindi man sa materyal na bagay, pinagkalooban ng Diyos sina Mang Ed at Aling Gin ng mabait na anak at pinagkalooban naman ng Diyos si Marga at ng kanyang kapatid ng mabait na magulang. Bukod doon ay pinagkalooban din ng Diyos ng maunawaing puso, kasipagan at talino si Marga. Ang mga batang gaya natin ay dapat na tularan si Marga. Kilalanin natin na ang lahat ng pagpapala na mayroon tayo ay galing sa Diyos at hindi sa ating sariling kakayanan. At kahit na mahirap ang sitwasyon ng pamilya ni Marga sa buhay ay hindi siya nagrereklamo.



#### D. Memory Verse

Ang lahat ng mabuti at ganap na kaloob ay buhat sa Diyos, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Santiago 1:17a